

## Mga Katanungan at Mga Kasagutan para sa mga Magulang

Paano ko kakausapin ang guro ng aking anak kung hindi ako mahusay mag-Ingles?

- Maraming Board of Education ang may mga tauhang nagsasalita ng iba't-ibang wika katulad ng Multicultural Liaison Workers at/o Settlement Workers sa mga paaralan. Nandiyan sila upang tulungan ka. Magpatulong at magpasama sa kanila sa pakikipag-usap sa guro. Mahalaga ang dumating sa oras sa mga appointment na ito.
- Mayroon ding mga lokal na ahensiyang nagsisilbi sa mga migrante na may mga tauhang makakatulong sa iyo.
- Magpunta sa Parents' Nights, Parent-Teacher Conferences at iba pang mga pagkakataong ibinibigay ng paaralan; ang mga tauhang nagsasalita ng iba't-ibang mga wika ay naroroon upang tulungan kang maunawaan at masabi ang iyong mga katanungan at mga inaalala.



### “Parent Questions and Answers”

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.

Canada



Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

## Mga Katanungan at Mga Kasagutan Para sa Magulang



**Mga Sagot sa mga Karaniwang Katanungan**



### Bakit binibigyan ang aking anak ng tulong sa ESL/ELL?

- Ang mga estudyante ay binibigyan ng tulong sa ESL/ELL kapag hindi sapat ang kanilang Ingles upang matupad ang mga pangangailangan na angkop sa grado nila.
- Itinuturo ng mga guro ng ESL/ELL ang Ingles at ang kinakailangang bokabularyo ng mga kursong-akademiko na pag-aaralan ng mga mag-aaral sa darating na panahon.
- Maaaring abutin nang 2 taon ang pag-aaral ng Panimulang Ingles sa Sanayan ng Komunikasyon.
- Maaaring abutin nang mahigit sa 5 taon ang pag-aaral ng wika ng mga textbook at hindi mababawasan ng sipag sa pag-gawa ang panahong ito. Ang mga mag-aaral na kumukuha ng Ingles-pang-akademiko ay masigasig nang nag-aaral.

### Ano ang PINAKAMAHUSAY na paaralan para sa aking anak?

- Ang PINAKAMAHUSAY na paaralan para sa iyong anak ay ang paaralan na malapit sa inyo nang sa ganun ay madaling makipagkaibigan ang iyong anak.

### Bakit masamá ang máhuli sa pagpasok sa paaralan?

- Maaaring hindi makuha ng mag-aaral ang gawain sa klase at ang impormasyon tungkol sa takdang-aralin.
- Maaaring malaktawan ng mag-aaral ang impormasyon tungkol sa mga aktibidades sa paaralan.
- Hindi paggalang ito sa ibang mga mag-aaral at sa mga guro.
- Ang dumating sa tamang oras sa eskwelahan ay mabuting praktis para makarating sa tamang oras (remove para) sa trabaho.

### Bakit hindi binibigyan ng karagdagang homework ang aking anak?

- Pakibasa ang brosyur tungkol sa takdang-aralin.

### Bakit kailangan kumuha ng Physical Education (PE) at Fine Arts ang aking anak?

- Ang PE at Fine Arts ay mga kinakailangang kurso ayon sa Ministry of Education.
- Ayon sa research, ang mga estudyanteng nag-aaral ng musika at (remove na) nasa mabuting pisikal na kondisyon ay nakakagawa ng mabuti sa mga kursong-akademiko.
- Kailangan ng mga estudyante ng mga oportunidad upang ipakita ang kanilang kahusayan at (remove mga) mga kakayahan sa di-akademikong gawain kung saan hindi gaanong kinakailangan ang Ingles.
- Sinisikap ng mga eskwelahan sa BC malinang ang lahat ng (remove mga) aspeto ng bawat indibidwal, hindi lamang ang akademikong bahagi ng mag-aaral.

